

Pagdalamat sa Pagpaplanong Pangwika ng Pamantasang Normal ng Cebu

Elsie T. Alvarado and Lita A. Bacalla

Cebu Normal University, Philippines

ABSTRACT: Language planning in an institution is a vehicle to achieve the effective usage of the medium of instruction. This study assessed the language policy and the role of Filipino and English as medium instruction of Cebu Normal University. It assessed the following objectives: the knowledge of the teachers, administrators, stakeholders and students; how ready they are to do the language planning; status of the medium of instruction; and status of the implementation of the language policy. The study anchored the theory of language planning by Baldauf (2006) at Kaplan at Baldauf (2006) and used qualitative method and purposive random sampling to choose the respondents. Based on the data gathered, the findings of the study shows that the teachers, administrators, stakeholders and students have the knowledge that there is no existence of language policy in the institution and aware of its importance. Further, since there is no language policy, the respondents disagree that the medium of instruction is used as prescribe and language policy in the institution is well implemented. Therefore, the respondents are aware that there is no language policy in the institution and believe its significance. It recommends that conduct an orientation regarding language planning in school, encourage the Center of Wikang Filipino to initiate the planning and implement the language policy.

KEYWORDS: *language planning, knowledge of the teachers, importance of the language policy, status of the medium of instruction, status of the implementation of the language policy.*

Abstract sa Filipino:

Ang pagpaplanong pangwika sa isang pamantasan ay isang behikulo sa pagtamo ng mabisang paggamit ng wika bilang wikang panturo. Ang pag-aaral na ito ay matasa ang patakarang pangwika sa institusyon upang matuldukan ang patuloy na katanungan kung ano ang papel ng Filipino at English sa CNU. Tiniyak ng pag-aaral na malaman ang kaalaman ng mga guro, administrador, stakeholder at estudyante sa patakarang pangwika; kahalalahan sa pagsasagawang pagpaplanong pangwikang pang-institusyon; estado sa wikang panturo; at estado sa implementasyon ng patakarang pangwikang pang-institusyon. Nakaangkla ang pag-aaral sa teoryang pagpaplanong pangwika nina Baldauf (2006) at Kaplan at Baldauf (2006) at gumamit ng kwalitatibong pamamaraan ang pag-aaral at purposive random sampling ang ginamit sa pagpili ng mga tagatugon. Matapos ang mapanuring pagsusuri, natuklasan na ang mga tagatugon ay may sapat na kaalaman na walang patakarang pangwika ang pamantasan, batid ang kahalalahan nito, hindi gaanong sumasang-ayon sa estado ng paggamit ng wikang panturo at implementasyon ng patakarang pangwika dahil sa walang patakarang pangwika ang pamantasan. Batay sa natuklasan, lumitaw na sumasang-ayon ang mga tagatugon ng na walang patakarang pangwika sa CNU kaya hindi gaanong napahalalahan ang paggamit sa pagtuturo. Nang dahil walang patakarang pangwika ay hindi makapagpasya ang mga tagatugon kung naisasakatuparan ang patakaran sa pamantasan. Upang maisakatuparan ang pagpaplanong pangwika sa CNU, iminumungkahi ang sumusunod; 1) maglunsad ng oryentasyon sa lahat ng mga empleyado ukol sa pagpaplanong pangwika; 2) hikayatin ang Sentro ng Wika at Kultura na gumawa ng pagpaplanong; 3) gumawa ng patakarang pangwika para sa CNU; at 4) isagawa agad ang implementasyon upang lalong mapahusay ang pagpapahayag ng wika itinatadhana ng patakaran.

Mga Susing Salita: *pagpaplanong pangwika, kaalaman ng guro, kahandaan ng pamantasan, estado ng wikang panturo, implementasyon*

I. INTRODUCTION

Ang wika ay nagsisilbing lundayan sa akademya upang maisakatuparan ang bisyon, misyon, tunguhin at layunin ng isang partikular na pamantasan. Ayon kay Urciouli (2008) ang bawat indibidwal ay taglay ang maraming kakayahan at kasanayan na napabilang ang kakayahan sa isang wika o komunikasyon na kung saan

ay nasusukat at napapaunlad sa tulong ng pagpaplanong pangwika. Napakahalagang bigyang pansin ang gamit ng wika sa mga gumagamit nito nang sa gayon matamo ang pansariling kalinangan at mapaunlad ang karunungan ng mga mag-aaral, iskolar, dalubhasa, administrador, at ang buong namamahala ng pamantasan. Upang matugunan ang pangunahing mithiin at adhikain ng pamantasan ay nararapat lamang namagsagawa ng mga hakbang pagpaplanong pangwika tungo sa pagbuo ng patakarang pangwika.

Ayon kay Barraut-Methy (2012), ang anumang transaksyon ng isang unibersidad ay napakahalagang pagtuunan ang wika at nararapat lamang na may malawakang interes ito sa gamit ng pagpaplanong pangwika. Ito ang dapat na maging pangunahing adyenda ng pamantasan para matugunan ang internasyonalisasyon. Sa lahat ng antas ng edukasyon, ang mataas na edukasyon o tersarya ang pinakainternasyonalisado (Welch 2005). Isinasaad lamang na kinakailangang tuunan ng panahon ng isang institusyon ang pagpaplanong pangwika upang maisulong ang internasyonalisasyon. Ibig sabihin ay may matinding pangangailangan sa pagpaplanong pangwika bilang bahagi ng trabaho ng namamahala para matugunan ang pagbabago ng kontekstong panlinggwistika sa pinagtatrabahuan nito. Sinang-ayunan naman ito ni Liddicoat (2004) kailangang makisabay sa pangangailangan ng kontemporaryong internasyonalisasyon ang pamantasan dahil sa umiiral na malawakang kontesktong demograpiko, kultural at ekonomiyang internasyonalisasyon na kung saan malaki ang naging impluwensya ng English bilang wikang unibersal. Naging sentro ng pagpaplanong sa Australia ang paggamit ng English bilang wikang panturo ng institusyon (A. J. Liddicoat, S. Eisenclas, & S. Trevaskes, 2004). Hindi gaanong mahirap para sa bansang may natatanging wikang ginagamit dahil nakapokus lang sa isang wika ang pagpaplanong. Ngunit sa CNU ay malaking hamon ito dahil binubuo ng bilinggwal o multilinggwal ang mga tao kaya hindi ganoon kadali ang pagsagawa ng pagpaplanong sa gamit ng wika. Wika ni Almario (2015) ang pagpaplanong wika ay dapat nakasandig sa malinaw at organisadong saliksik at sinusubaybayan ang implementasyon ng isang pangmatagalan at mapanuring saliksik. Sadyang nangangailangan ng maingat na pagpaplanong ang CNU sa tulong ng kaalaman mula sa iba't ibang saliksik nang sa gayon matunton ang pinakamabisang wikang panturo dahil hindi biro ang pinagdaanan ng CNU bago pa man makamit ang pinakarurok na tagumpay, ang makilala sa lokal, nasyonal at maging sa buong mundo.

Natamo ng CNU unang ika-27 taong 1998 ang katayuan ng pamantasan bilang unibersidad sa ilalim ng Senate Bill 2320 na nilagdaan ni dating pangulong Fidel V. Ramos. Dito rin itinatag ang Sentro ng Wika sa rehiyon pito o mas kilala sa tawag na Sentro ng Wika at Kultura o SWAK. Masasabing malayo na ang narating ng CNU sa kasalukuyan sa iba't ibang larangan; instruksiyon, pananaliksik, eskensyon at publikasyon upang patatagin ang bisyon na isang nangungunang multidisiplinaryang mapanaliksik na unibersidad ng edukasyon na may dedikasyong bumuo ng isang matatag na bansa. CNU ang nangunguna sa larangan ng edukasyon sa Metro Cebu maging sa buong rehiyong pito. Ginawaran bilang Center for Excellence ang dalawang kolehiyo gaya ng Kolehiyo ng Teacher Education taong 2016 at Kolehiyo ng Nursing taong 2015. Kauna-unahang pamantasang sa Pilipinas na nagtamo ng Level IV Accredited ang Kolehiyo ng Teacher Education ng AACUP.

Sa kabila ng patuloy na pag-unlad ng CNU sa larangan ng edukasyon, hindi pa masyadong nabigyang pansin ang pagpaplanong pangwika. Tanging sinusunod nito ang nakatadhang patakarang pangwika ng CHED Memorandum Order No.59, s. 1996 na kung saan nakatala ang mga palisi bilang kahilingan sa General Education Curriculum. Malinaw itong nakasaad sa Republic Act No. 7722 o tinatawag na Higher Education Act of 1994 na kung anong wikang panturo na gagamitin sa mga kursong wika, Filipino man o English at maaaring gamitin ang Filipino sa pagtuturo ng Panitikan, Humanities at Social Sciences alinsunod sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo. Isang katotohanan na ginagamit lang ang Filipino bilang wikang panturo sa mga kursong may kinalaman sa Filipino. Samantalang pinakamalaking bahagdan ang gumagamit ng English hindi lamang sa pagtuturo maging sa lahat ng gawaing pang-institusyon.

Ang pag-aaral ay naglalayong matasa ang patakarang pangwika sa institusyon upang matuldukan ang patuloy na katanungan kung ano ang papel ng Filipino at English sa CNU. Nais ng pag-aaral na malaman ang kaalaman ng mga guro, administrador, stakeholder at estudyante sa patakarang pangwika at gaano kahanda sila sa pagsasagawang pagpaplanong pangwika tungo sa pagbuo ng patakarang pangwika sa institusyon.

II. RELATED LITERATURE AND STUDIES

Nakaangkla ang pag-aaral sa teorya nina Baldauf (2006) at Kaplan at Baldauf (2006) ang pokus ng mga pamantasan bilang tagaganap ng pagpaplanong pangwika ay interaksyon sa bawat indibidwal o pangkat ng mga manggagawa. Ibig sabihin, sa pagsagawa ng pagpaplanong pangwika ay mahalagang marinig ang panig ng bawat isa upang malaman ang kanilang saloobin at damdamin hinggil sa wikang gagamitin. Kailangang maipaalam muna sa kanila ang mga hakbang at plano nang sa gayon ay mas makita kung anong kinakailangang tugunan at solusyonan na suliraning pangwika.

Ayon kay Fishman (1971) ang pagpaplanong pangwika ay isang pag-oorganisa ng solusyon sa mga suliraning pangwika na madalas nangyayari sa antas nasyonal. Hindi maikakaila na mapahanggang ngayon ay binabatikos pa rin ang pambansang wika na Filipino dahil sa walang walang malinaw na oryentasyon kung ano ang pinagbatayan dito. Sabi ng mamamayang Pilipino ay Tagalog ito kaya hindi dapat tangkilikin sapagkat walang ipinagkaiba sa ito naiiba sa katutubong wika ng bawat rehiyon. Hindi malinaw sa mga taga-akademya

ang papel ng wikang Filipino at English sa pamantasan. Kaya, titingnan sa pag-aaral kung may sapat bang kaalaman ang mga instruktur, propesor, administrador, stakeholder at estudyante ng pamantasan. Pinabulaanan din ito ni Ferguson (1968) na sa pagpaplanong pangwika ay kailangang isaalang-alang ang mga katangian na nagiging estandard o ginagamit sa lahat gaya ng: a) tinatanggap ng karamihan; b) ginagamit nga mga taong nakapag-aral; c) talagang nakakadalubhasa; at d) tinanggap ang pagbabago upang makatugon sa pangangailangan ng lipunan. Mainam na sa gagawing pagpaplanong pangwika pang-institusyon ay may sapat na kaalaman sa mga katangian ng wikang Filipino at English. Ang mga opisyal ng pamantasan ay kailangang handa sa pagpapalano dahil sila ang direktang tumitingin sa kung ano ang makakabuti sa pamantasan lalo na sa wikang opisyal na gagamitin.

Nilinaw ito ni Gorman (1968) na ang pagpaplanong pangwika ay isang paggawa ng desisyon na talagang makatatagal, para mapalawig o malimita ang mga hadlang sa paggamit ng wika sa isang partikular na sitwasyon. Hindi gaanong nabigyang tuon ang ganitong larang dahil ginagamit ng CNU ang patakarang pangwika ng CHED na binibigyan ng kalayaan sa pagdesisyon kung anong wikang gagamitin sa pagtuturo ng bawat kurso. Kung instruksyon ang pag-uusapan ay sinusunod ang wikang panturo ayon sa kung anong wikang gagamitin sa kursong tinuturo alinsunod sa patakarang pangwika ng CHED. Hindi naman ito isang balakid dahil nakapokus ang pamantasan sa paggamit ng wikang unibersal o English. Tanggap ng lipunan ang paggamit ng English bilang wikang panturo sa lahat ng kurso maliban sa Filipino. Mulat ang buong pamantasan sa ideyang ang English ay mahalaga sa pagsulong ng sariling kalinangan tungo sa pag-unlad ng karunungan. Tinitingnan ang Filipino bilang wikang pambansa kung kaya kailangan nilang kumuha nito bilang bahagi ng general na kurso.

Gayunpaman, hindi pa rin maiiwasan na may politikal isyu ang pagpili ng English bilang pangkalahatang wikang gagamitin sa loob at maging sa labas ng pamantasan sa anumang uri ng transaksyon dahil ang namamahala o opisyal ng pamantasan ay wikang English ang midyum. Kahit lahat ay Cebuano, mas nananaig pa rin ang paggamit ng English. Sa kadahilanang, ang wikang unibersal ay mas pinakagagamitin sa lahat ng pagkakataon. Ayon kina Perez-Milans (2015) ang administrasyon ay gumagamit ng English bilang wikang opisyal sa pakikipag-usap sa kliyente kaya hindi malayo na ito ang nangingibaw sa lahat ng mga wika. Sa CNU ay nangunguna ang English na pakagamitin, sumunod ang Cebuano at tanging ang mga guro sa Filipino ang gumamit ng pambansang wika ngunit sa loob lang ng klase. Ganitong senaryo ay normal lang o ordinaryo lamang sa pamantasan dahil may wikang rehiyonal. Kaya, ang isang institusyon ay dapat magsimula sa pagpapalano sa etnograpiyang kasaysayan mula sa lokal, rasyonal, at maging sa pulo-pulong adyenda upang maunawaan ang mga kinakailangang isaalang-alang sa plano (Perez-Milans 2015). Nakapakahalagang gawin ito dahil ang pamantasan ay sobrang makasaysayan na maituturing na naging sanhi kung bakit wikang English ang nangunguna o minamahal ng nakararami.

Masakit man sabihin ngunit isang katotohanan na kapag wikang Filipino na ang gagamitin sa isang usapan ay kakikitaan ng iba't ibang reaksyon ng mukha at hindi masyadong interesado sa nagsasalita. Na para bang gustong sabihin na tama na, huwag ka ng magsalita dahil hindi kita naunawaan. Isang sampal ang katotohanang ito ngunit hindi naman mapipilit na tangkilikin ang Filipino dahil may wikang rehiyonal na maaring gamitin bukod sa English. Dagdag pa nito, hindi naman magagamit ang Filipino sa pampersonal o pampropesyon na komunikasyon at maging sa pang-araw-araw na buhay. Kung kaya, hindi masyadong pinapahalagahan ng hindi guro sa Filipino ang wikang pambansa. Kung sana magkatuwang at nagkakaisang gumawa ng pagpaplanong pangwika ang KWF at gobyerno tulad ng Singapore at Japan ay may ngipin ang pagpagamit ng wikang Filipino sa buong bansa.

Ayon kay Jernudd at Das Gupta (1971) ang lohika ng pagpaplanong pangwika ay batay kung paano tinitingnan ng lipunan ang wika. Nangangahulugang isinasagawa ang plano ayon sa pagtingin at pangangailangan ng komunidad. Ang wika ng komunidad ay kailangang isaalang-alang na kung saan Cebuano dahil ito ang pundasyon o nagsisilbing lingua franca nila kaya dapat sa pagpaplanong gagawin ay tuunan ng pansin ang kaligiran at kalikasan nito upang maiakma ang pagpili ng wikang gagawing opisyal. Wika nga ni Baker (2011) inilalarawan ang wika bilang pampersonal, pangkomunidad at pinagmulan ng wikang rehiyonal kaya mabuting sa pagpili ng wikang maging opisyal ay hindi mawawala ang kultura ng wikang kinagisnan. Lamang sa CNU ay wala pang ginawang pagpapalano sa ganitong usapin. Kaya, sa gagawing pag-aaral ay tuunan ng pansin ang kahandaan ng pamantasan sa gagawing pagpaplanong pangwika upang makabuo ng patakarang pangwika na gagabay sa lahat kung kailan at saan gagamitin ang wikang opisyal ng pamantasan.

Masasabing buhay na buhay ang pananaliksik at ekstensyon sa CNU dahil sa prebelihyong matatanggap ng mga instruktur at propesor. Hindi pahuhuli sa bilang ng mga pag-aaral na nailimbag sa isang mahusay na refereed dyornal sa antas internasyonal. May magandang bilang na rin ng mga propesor na nakapaglimbag na sa limbagang ISI. Kapansin-pansin na hindi gaanong nagpapalimbag sa lokal o nasyonal dahil mababa lang ang puntos na makuha sa NBC o ranking. Ang ekstensyon ay maituturing ding isang pananaliksik dahil hindi maisasagawa ito kung hindi makakapasa sa panukalang pananaliksik. Napakaraming proyekto ng ekstensyon na nagbubunga sa isang magandang pagbabago sa komunidad. Nakatutulong ito nang malaki sa pag-unlad at pagsabuhay ng bisyon ng CNU. Nang dahil sa nakapokus ang bisyon ng pamantasan sa

multidisiplinary pananaliksik, nabanggit ni Hamil (2007) kinakailangang gumamit ng English bilang midyum upang maipasa sa internasyonal na siyentipong palimbagan.

Talagang umiiral ang paggamit ng English dahil ito ang susi sa pansariling kalinangan at pagsabay ng CNU sa pangangailangang global. Pinabulaanan ni Piller & Cho (2013) na ang mga pamantasan ay lumalawig sa pagtanggap ng mga patakaran at kalakaran na nagdadala sa pagsabay sa global na antas at maging angat sa makamundong pang-institusyong pananaliksik. Sa katunayan, ang bisyon ng CNU ay maging una sa larangan ng pananaliksik upang makabuo ng isang matatag na bansa. Tinitingnan ng CNU ang pag-unlad ng edukasyon kung gagawa ng maraming pananaliksik ang mga propesor. Magagawa lang ito kung English ang gagamitin dahil ito lang ang tinatanggap ng mga palimbagang internasyonal. Dahil dito ay abala ang pamantasan sa ganitong larangan kaya hindi napagtuunan ng panahon ang pagpaplanong pangwika dahil wala namang suliraning kinakaharap na may kinalaman dito. Ang kultura kasi ng mga Cebuano ay nahahaluan na ng dayuhan kaya pinipilit din na makasabay sa pananalita na kung tutuusin ay hindi na kinakailangan.

III. OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagtukoy sa kaalaman ng institusyon sa pagpaplanong pangwika, kahalagahan, paano ginagamit sa pamantasan at estado ng implementasyon upang makabuo ng patakarang pangwika. Ito ang unang kauna-unahang hakbang na isagawa sa pag-aaral dahil wala pang patakarang pangwika ang pamantasan. Sa pag-asang mamulat ang bumubuo ng pamantasan sa halaga ng patakarang pangwika at gagawa ng hakbang upang magkaroon ng sarili na hindi na umaasa sa itinadhana ng CHED.

MATERIALS AND METHODS

Lugar ng Pag-aaral

Naganap ang pag-aaral sa Cebu Normal University at mayroong tatlong kampus; Osmeña Boulevard, Cebu City (main campus), Medellin Cebu at Balamban Cebu. Naitatag ang CNU taong 1902 bilang summer institute ng PNU. Naging katuwang na pamantasan ng Cebu Provincial High School taong 1915. Ito ang naging pugad ng mga sundalong Hapon at ang mga silid ang naging kulungan ng mga api at aliping Pilipino. Naging Cebu Normal College taong 1966 at napalitan ang pangalan bilang Cebu State College taong 1976. Taong 1980 hanggang 1990 ay dumami ang populasyon ng pamantasan kaya naipatayo ang mga bagong gusali na tinatawag na sa kasalukuyan na College of Teacher Education, College of Arts and Sciences at College of Nursing. Napili ang pamantasang ito dahil bukod sa dito nagtuturo ang mga mananaliksik ay narito nakatayo ang Sentro ng Wika at Kultura na makatutulong nang malaki sa pagbuo ng patakarang pangwika ng institusyon.

Kalahok ng Pag-aaral

Kabilang sa pag-aaral ang tigdadalawampung kalahok mula sa mga guro at estudyante ng CTE, CAS, at CN habang piling administrador ang binigyan ng sarbey na talatanungan at isang panayam ang isinagawa sa Bise Presidente ng Akademik, Bise Presidente sa Pagpaplano. Malayang nagkapamigay ang mga mananaliksik sa sarbey na talatanungan dahil walang klase. Ang mga estudyante na pumunta sa tag-init upang asikasuhin ang kanilang OJT ay siyang pinasagot. Sa mga administrador at mga guro naman ay malayang pinuntahan sa opisina at binigyan ng talatanungan na kalakip ang liham patnugot ng presidente.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Hindi maipamigay ang sarbey sa mga kalahok kung wala pang pahintulot sa presidente ng pamantasan. Matapos mapagtibay ang gagawing pag-aaral ay agad namigay ng mga talatanungan sa dalawampung guro mula sa iba't ibang departamento ayon sa kanilang bakanteng oras habang sa mga estudyante naman ay kung sino lang ang pumunta sa pamantasan dahil sa tag-init ginawa ang pag-aaral. Pumili ng dalawampung estudyante mula sa bawat kolehiyo saka binigyan ng talatanungan. Ipinaliwanag sa kanila kung ano ang layunin ng pag-aaral upang matiyak na tama ang kanilang mga tugon. Pumili rin ng dalawampung stakeholder tulad ng alumni, estudyante, at mga magulang. Ganoon din ang ginawa sa dalawampung administrador ng pamantasan, binigyan ng sarbey na talatanungan sa bakanteng oras. Hindi agad nakuha ang mga talatanungan dahil sobrang abala ang mga tagatugon. Ang ilan naman ay pabalik-balik pa ang mga mananaliksik dahil tag-init kaya hindi kailangang magreport sa pamantasan. Sa katunayan, umabot sa pangalawang linggo ang pamimigay ng talatanungan dahil tiyak na pumapasok na sa trabaho dahil simula na ng pasukan ng unang semestre. Dahil dito ay nakahinga ng maluwag ang mananaliksik sa kabila ng paghahabol sa oras dahil isang linggo nalang ang pagitan sa pagpapakahulugan ng mga datos.

Nakaranas din ng kahirapan ang mananaliksik sa pagpaunawa sa mga kalahok lalo na sa mga guro at administrador dahil hindi sila sang-ayon na magkaroon pa ng patakarang pangwika ang pamantasan dahil hindi naman ito kakikitaan ng suliranin, may mas mahalaga pang problema na kailangang tugunan ang pamantasan kaysa ito. At higit sa lahat, malaking hamon din ang pagpaunawa sa mga guro na gusto ang English at ayaw ang Filipino. Kaya, maituturing na masaklap ang karanasan ng mga mananaliksik sa pangangalap ng datos. Gayunpaman, natapos ang pamimigay at nakompleto ang bilang na tigdadalawampo na kalahok sa pag-aaral.

Bagay na ipinagpapasalamat ng mga mananaliksik dahil sa kabila ng maikling panahon ay natapos pa rin ang paglikom ng datos.

Nagsagawa rin ng panayam sa mga piling administrador lalo na ang may kinalaman sa pananaliksik at pagpapalano sa pamantasan gaya ng VP for Akademik, VP for Planning, at VP for Research. Hindi rin madala ang panayam na isinagawa dahil laging wala ang mga kinauukulan. Sa huling pagpunta ay sa wakas naabutan na ang hinahanap na mga bise presidente ngunit pinaiwan lang ang mga tanong at ipinadala ang mga sagot sa email. Ang sagot na ibinigay sa tulong ng email ay iba pang mungkahi sa pagbuo ng patakarang pangwika.

Itinala at binilang ang mga sagot ng tagatugon sa tulong ng pagkuha ng bahagdan o sa pormulang ito: $\frac{N}{x} \times 100 = .$ Pagkatapos nito ay binigyan ng Kabuuangpagpapakahulugan alinsunod sa lumabas na mga sagot. Sa tulong ng ranggo ay nailalahad ang karamihang sumasang-ayon, hindi makapagpasya at hindi sang-ayon.

IV. RESULTS AND DISCUSSION

Matapos ang mabusising pagsusuri sa mga datos na nalikom mula sa tagatugon ay natuklasan ang mga saloobin mga guro, administrador, mga stakeholder at mga estudyante ukol sa mga sulinanin ng pag-aaral na; kaalaman ng pagpaplanong pangwika; kahalagahan ng pagpapalano; estado ng paggamit ng wikang panturo at estado ng patakarang pangwikasa institusyon. Sa tulong ng talahanayan ay inilalahad ang resulta ng pag-aaral.

Talahanayan bilang 1: Kaalaman sa Patakarang Pangwika

| Kaalaman sa Patakarang Pangwika | Oo | Wala | Hindi Tiyak |
|--|----|------|-------------|
| 1. May patakarang pangwika ang pamantasang pinapasukan ko. | 0 | 98% | 2% |
| 2. Ipinaalam ng administrasyon ng pamantasan sa mga mag-aaral ang ukol sa patakarang pangwika. | 0 | 99% | 1% |
| 3. May ibinigay na handbook sa mga mag-aaral ukol sa patakaraang pangwika. | 0 | 100% | 0 |
| 4. May kopya ng patakarang pangwika ang kolehiyong kinabibilangan ko upang maging sanggunian. | 0 | 100% | 0 |
| 5. May oryentasyong ginawa ang bawat guro sa unang araw ng klase tungkol sa patakarang pangwika ng pamantasan. | 5% | 95% | 0 |

Batay sa talahanayan bilang 1, maliwanag na alam ng tagatugon na walang patakarang pangwika ang institusyon. Ayon kay Ruiz (1984) ang pagkakaroon ng tamang oryentasyon sa wikang gagamitin ay nakakatulong upang malaman ang tamang gamit ng wika at matutuhan kung paano gamitin ito. Dagdag pa ni Ruiz (1984) ang oryentasyon sa pagpaplanong pangwika ay natitiyak kung ano ang nararapat na wika sa lipunan. Kung ano ang nakasanayan at tanggap na wika ng lipunan ay kailangang tugunan sa pagsagawa ng pagpapalano. Hindi magiging maayos ang gagawing pagpapalano kung nakapokus lang sa kung ano ang gusto na maging wikang opisyal ng pamantasan sa halip, tingnan din kung ano ang makakabuti sa nakararami.

Sa sarbey na ginawa, kapuna-puna na taglay ng mga tagatugon ang kaalaman na walang patakarang pangwika ang pamantasan at karamihan ay sumasang-ayon sa halaga nito. Matutunghayan sa talahanayan na walang kopyang ibinigay ang administrasyon ukol sa patakarang pangwika. Ibig sabihin ay hindi alam ng tagatugon ang ukol dito dahil wala silang nabasa ni oryentasyon ukol sa ganitong larang. Kapansin-pansin na karamihan sa tagatugon ay walang alam dahil nakakuha ng 100% ang wala bilang patunay na walang nabanggit ukol dito. May iilang tagatugon na sumagot na hindi sigurado, sila ay mag-aaral na hindi matukoy kung mayroon ngang patakarang pangwika. Mayroong 5% na sumagot na may oryentasyon ang bawat guro dahil

bago magsimula ang pasukan o semestre ay naglalaan ng oras ang guro sa paglalahad ng bisyon, misyon at layunin ng pamantasan maging buong saklaw ng kurso.

Sa bahaging ito lumilitaw na walang patakarang pangwika ang pamantasan dahil hindi nagkakaroon ng pagkakataon na ipaunawa sa lahat kung ano ang naitutulong nito. Ang lahat ng tagatugon ay nagkaisang hindi sila nasabihan o pinaalam ukol dito. Sa ginawang pag-aaral ni Ruiz (1984) nabanggit niya na ang oryentasyon sa pagpaplanong pangwika ay tumutulong sa malawakang pang-unawa ng mga tao sa akademya tungo sa papel ng wika, patungo sa mga wika at papel ng wika sa lipunan. Isang siklikal kung maituturing ang pag-intindi sa planong gagawin upang matumbok ang wikang maging wikang panturo lalo na sa mga kurso na may kinalaman sa wika. Nagpanukala si Ruiz (1984) ng tatlong paraan ng oryentasyon; suliraning pangwika, karapatang pangwika, at kasaysayang pangwika. Ang lahat ng dulong na ito ay hahantong sa pagbuo ng suliraning pangwika, kalinangan ng patakaran at pagsusuri ng mga patakaran para sa pagsasanay na gagawin. Nabanggit niya ang suliraning kinaharap ng U.S sa pagpaplanong pangwika na kung saan sinabi niyang napakalaking suliranin ang kalinangan ng wika sa akademya sa larangang linggwistika at kultural dahil sa etnikong pangkat. Bagay na hindi bago sa bansang Pilipinas na taglay ang maraming wika. Sa CNU naman ay taglay ang tatlong wika; Cebuano, English at Filipino kaya nakararanas din ito ng balakid sa paggamit ngunit hindi ito napupuna dahil wala pang isinagawang pagpapalano.

Ang karapatang pangwika ay tumutukoy sa karapatan nitong hindi itakwil bilang basehan sa katatasan sa paggamit ng pangalawang wika (Skutnabb-Kangas 2002). Ang wikang Filipino at wikang English ay maituturing na pangalawang wika ng mga Cebuano dahil ang Sinugbuanong Binisaya ang unang wika kaya dapat pantay ang pagtingin ng pamantasan sa pagpaplanong pangwika sa Filipino at English. Karapatan ng unang wika na pahalagahan sa gagawing pagpapalano at isaalang-alang kung ano ang makakabuti sa pakikipagtalastasan. Sa pagpaplanong pangwika ng CNU, hindi dapat kalimutan na tatlong wika ang ginagamit ng mga Cebuano kaya dapat hindi makaligtaan ang pagtingin sa katangian ng bawat wika nang sa gayon walang wikang maisawalang-bahala.

Pag-aalaga sa kalinangan ng mga wika bukod sa English ay nakapagpapabisa sa pagpapatibay ng kakayahang panglinggwistika para sa politikal at ekonomikong tunguhin tungo sa multilinggwalismo (Ruiz 1984 at Wright 2004). Nangangahulugang hindi lang English ang sentro ng paglinang ng isang institusyon kundi kailangang pansinin din ang iba pang wikang ginagamit ulad ng pambansang wika at wikang rehiyonal dahil malaki ang naitutulong nito sa pag-unlad ng kakayahang panglinggwistika. Sa kadahilanang ang pundasyon ng pagkatuto ng English ay wikang katutubo na siyang ginagamit sa pang-araw-araw ng mga tao. Ang talahanayan bilang 2 ay naglalahad sa kahalagahan ng patakarang pangwika ng pamantasan.

Talahanayan bilang 2: Kahalagahan ng Patakarang Pangwika

| Kahalagahan ng Patakarang Pangwika | Sang-ayon | Hindi makapagpasya | Hindi Sang-ayon |
|--|------------------|---------------------------|------------------------|
| 1. Makatutulong sa mga mag-aaral ang patakarang pangwika. | 93% | 5% | 2% |
| 2. Magkakaroon ng pantay na kahusayan sa paggamit ng mga wika bilang midyum ng pagtuturo. | 95% | 5% | 0 |
| 3. Tulay ito sa maayos na pagpapatupad ng mga gawain at programa sa pamantasan. | 93% | 2% | 5% |
| 4. Magiging epektibo ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pagkakaroon ng patakaran. | 89% | 9% | 2% |
| 5. Nakatutulong ang pagkakaroon ng patakaran ayon sa itinakda ng bansa sa wika ng edukasyon. | 89% | 11% | 0 |

Mapapansin sa talahanayan 2 na karamihan sa mga tagatugon ay sumasang-ayon na mahalaga ang patakarang pangwika sa pamantasan. Winika ni Bianco (2010) lubos na mahalaga na malinang ang patakarang pangwika para matiyak ang pangangailangan ng lokal na wika tungo sa pagpapahusay sa pambansang wika at matamo ang literasi ng mga lokal na mananalita, nasyonal na mananalita at maging internasyonal o dayuhang mananalita. Sa pagtangkilik ng dayuhang wika ay hindi na namamalayan na pala ang sariling wika at maging katutubong wika na siyang pangunahing wikang dapat gamitin. Nakaligtaan na ng mga Pilipino lalo na ng mga Cebuano na hindi ka sikat kung magaling kang pagpahayag sa English bagkus malaking sampal sa sarili dahil mas inaaral pa ang dayuhan kaysa kinagisnang wika o pambansang wika.

Ang kabatiran sa patakarang pangwika ng mga guro sa wika ay dapat bigyang halaga ng mga salingkurang pagsasanay para matamo ang layunin ng pagtuturo ng wika (Ayaz Ahmad at Sarfraz Khan 2011). Malinaw na napakahalaga ng patakarang pangwika sa loob ng pamantasan upang matugunan ang pangangailangan sa labas nito. Patunay nito ay ang postibong saloobin ng mga tagatugon sa pagbuo ng patakarang pangwika na malilirip sa talahanayan. Higit na mahalaga ang pagkakaroon ng patakarang pangwika upang matamo ang pantay na kahusayan ng mga mag-aaral sa ginagamit na wikang panturo na nakakuha ng 95%. Habang 5% sa mga guro ay hindi sang-ayon na magkaroon ng pantay na pagkatuto ang mga mag-aaral sa wikang panturo dahil matagal ng walang patakaran ang pamantasan ngunit hindi naman nakaranas ng suliranin.

Gumagamit kasi paminsan-minsan ang guro ng wikang rehiyonal upang mas maunawaan ang paksang tinatalakay kahit ang midyum ay English o Filipino. Ito ang naging sanhi na naganap ang pagkakaunawaan ng guro at mag-aaral. Isinasaad na mahalaga ito dahil nakatutulong ito sa mga mag-aaral na makagamit ng wika na naaayon sa kahilingan ng institusyon na nakakuha ng 93%. Gayunpaman, 5% ng mga guro ay hindi makapagpasya dahil hindi naman ito napag-usapan sa anumang talakayan ng institusyon. Ang 2% naman ng mga guro ay hindi sang-ayon sa na makatutulong sa mag-aaral ang patakarang pangwika dahil hindi nama naging balakid ang kawalan nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sumasang-ayon din ang mga tagatugon na magiging epektibo ang pagtuturo at mas makamit ang pagkatuto kung mayroong patakarang pangwika na ginagamit ayon sa kahingian ng edukasyon na pinagtibay sa konstitusyon ng bansa. Ngunit 11% ng mga tagatugon ay hindi sigurado kung nakatutulong ang patakarang pangwika ayon sa itinakda ng batas pangwika ng Pilipinas.

Inilalarawan lang na ang mga guro at estudyante ay walang sapat na kaalaman sa itinadahanang patakarang pangwika ng bansa. Hindi sapat ang kanilang kaalaman ukol sa Konstitusyon 1987 Artikulo XIV Seksyon 6-9 na nagpapatibay sa paggamit ng Filipino bilang wikang pambansa at higit sa lahat hindi makapagpasya kung mayroon bang patakarang pangwika na itinatakda para sa tersyarya. Masakit man isipin ngunit isang katotohanan na iilan sa mga guro at estudyante ay hindi batid kung ano ang halaga ng patakarang pangwika sa isang institusyon. Napakahalagang mabuksan ang kanilang kamalayan upang higit na magiging epektibo sa kanilang midyum na ginagamit sa larangan. Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na sundin ang batas pangwika ng Pilipinas ngunit sa kakulangan ng pagpapahalaga sa pamantasan ay hindi malayong mangyari ang pagkawala ng halaga nito.

Talahanayan bilang 3: Estado ng Paggamit bilang Wikang Panturo

| Estado ng Paggamit bilang Wikang Panturo | Palagi | Minsan | Hindi kailanman |
|---|---------------|---------------|------------------------|
| 1. Isinaalang-alang ko ng wikang panturo sa aking asignaturang itinuturo. | 30% | 60% | 10% |
| 2. Ginagamit ko ang wikang panturo sa aking asignaturang itinuturo. | 35% | 55% | 10% |
| 3. Naglilipat-koda ako kung kinakailangan sa aking pagtatalakay | 30% | 65% | 5% |
| 4. Ginagamit ng mga mag-aaral ang itinakdang wika sa aking klase. | 40% | 45% | 5% |
| 5. Iwinawasto ko ang mga mag-aaral kung sila ay naglilipat-koda. | 42% | 57% | 1% |

Makikita sa talahanayan 3 na lamang ang minsan sa pagsaalang-alang at paggamit ng wikang panturo ayon sa patakaran nito. Maliwanag na hindi talaga maiiwasan na hindi sumusunod ang mga guro, estudyante, administrador at maging stakeholder sa paggamit ng wika ayon sa itinatakda. Kapansin-pansin sa talahanayan sa itaas na hindi gaanong nakikita ng tagatugon ang silbi ng paggamit ng wikang panturo dulot ng kakulangan ng hindi estandard kung ano ang wikang gagamitin. Ang ganitong sitwasyon ay hindi maiiwasan kung mayroong iba pang wikang kasangkot maliban sa opisyal na wikang panturo sa isang partikular na kurso. Ito ay kadalasang nangyayari sa isang bansa na maraming wikang sinasalita. Pinatunayan ito ni Magwa (2008) na ang pagpaplanong pangwika ay nakakangat ng kalagayan sa mababang tingin ng isang wika at mapahalagahan na ang lahat ng mga wika at makapag-ambag ng kaalaman para sa kalingan ng isang bansa sa tulong ng paggamit ng iba pang mga wika. Sobrang laki talaga ng maitutulong sa pagpapayaman pa lalo ng wikang panturo ng bawat mag-aaral kung mayroong patakarang ang pangwika. Kung pakasuriin ang talahanayan sa itaas ay kakikitaan ito ng malaking hamon kung paano magkaroon ng malinaw at tiyak na wika bilang midyum sa pagtuturo maging anumang uri ng pakikipagtransaksyon sa loob ng pamantasan.

Lantad sa resulta ng pag-aaral na malimit lang ang paggamit at pagsaalang-alang sa wikang panturo dahil malaya naman silang naglilipat-koda sa tuwing kinakailangan. Kung ito ang senaryo ay sadyang pagsikapan ng institusyon na magkaroon ng patakarang pangwika upang mas maging mahusay ang mga estudyante sa napiling larangan. Nagkakaroon kasi ng mas mahabang pagsasanay sa wikang ginagamit kung may isa o tiyak na wikang gagamitin sa isang partikular na pangkat. Nakatutulong nang malaki sa pagkamit ng

bisyon, misyon at mga layunin ng pamantasan kung niyayakap ang pagsunod sa patakarang pangwika kung mayroon man.

Hindi maaaring isawalang-bahala ng buong pamantasan ang pagpaplanong pangwika upang magkaroon ng sariling patakarang pangwika sa institusyon. Maliwanag din na mismo ang mga guro ay hindi masyadong sumusunod sa batas pangwika. Maaaring hudyat ito sa punto na maging ang guro ay walang sapat na kaalaman kung anong wikang panturo na gagamitin alinsunod sa kahingian ng CHED. Kung hindi akma ang pagsunod sa anumang patakarang pangwikang ipinapagamit ng institusyon ay hahantong sa hindi pagkakaunawaan at kalituhan ng mga estudyante. Malinaw sa mga sagot ng tagatugon na hindi rin palaging winawasto ng mga guro kung hindi gumagamit ng wikang panturo ang mga mag-aaral. Bagkus, hinahayaan pa nilang naglilipit-koda na nagiging sanhi sa kakulangan sa pagtamo ng kasanayang pampagkatuto ng isang mag-aaral.

Sinasabing ang kolehiyo ay humuhubog sa mas mataas at mas mabisang pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral na maging kasangkapan sa pagiging angat sa iba pang mag-aaral. Nagsisilbing daan din ang kahusayan ng wika ng mga mag-aaral sa kahusayan sa pakikipagkapwa at pakikisangkot sa iba pa upang mas mapalawak at mapalalim ang kaalaman tungo sa paghakot ng marami pang impormasyon na makatutulong sa kanya na maging dalubhasa sa napiling larangan. Ngunit kung walang sinusunod na patakarang pangwika, malabong mangyayari ang pagtamo na maging bihasa sa wikang inaaral. Tagalog ito kaya hindi dapat tangkilikin dahil hindi naman ito naiiba sa katutubong wika ang bawat rehiyon. Hindi malinaw sa mga taga-akademya ang papel ng wikang Filipino at English. Halimbawa, ang isang medyor sa Filipino o English ay nararapat na may katatasan sa paggamit ng wikang gagamitin sa pagtuturo. Matatamo lamang ito kung sa pag-aaral niya ay sinasanay sa pagsasalita ng wikang Filipino o English at hindi hinahayaang gumamit ng paglilipit-koda. Nararapat lang na sapat ang kanyang bokabularyo at mahusay sa pagsasalita upang maipahayag niya nang tama ang kanyang mga ideya sa isang paksang kanyang ituturo.

Batay sa pagmamasiid ng mga mananaliksik ay hindi masasabing ganoon kahusay ang paggamit ng wikang opisyal ng pamantasan dahil sa impluwensya ng katutubong wika. Patunay nito ang kahinaan sa pag-unawa ng mga babasahin upang ipahayag ang kanilang opinion ukol dito. Maraming estudyante ang nagkautil-utal dahil sa kakulangan ng bokabukaryo at kakulangan ng pagsasanay sa pagbigkas nito. Dulot nito ay may bahid ng pag-alinlangan kaya hindi agaran ang pagpapahayag. Ang ganitong sitwasyon ay mainam na tingnan ng administrador upang makagawa ng hakbang na maagapan ang maaaring suliraning kakaharapin.

Talahanayan bilang 4: Estado ng Implementasyon ng Patakarang Pangwika

| Estado ng Patakarang Pangwika | Sang-ayon | Hindi makapagpasya | Hindi sang-ayon |
|--|-----------|--------------------|-----------------|
| 1. Naipapatupad ito nang nararapat. | 50% | 50% | 3% |
| 2. Konsistent sa pagsasakatuparan. | 55% | 43% | 2% |
| 3. Patuloy ang mga pagpapalano upang makapagsagawa ng pagtatasa. | 58% | 40% | 2% |
| 4. Tuloy-tuloy ang pagtatasa sa implementasyon ng patakaran. | 52% | 45% | 3% |
| 5. Dumadaan sa proseso ng rebisyon ang patakaran. | 53% | 46% | 1% |

Masisilayan sa talahanayan 3 na hindi nalalayo ang sumasang-ayon na tagatugon estado ng patakarang pangwika sa CNU. Ayon kay Haugen (1966) ang pagpaplanong pangwika ay natutungkol sa estado o gamit ng isang wika. Mahalaga talagang bigyang pansin ang mga kalakaran ng wikang ginagamit sa pamantasan upang matugonan ang anumang suliraning kinakaharap nito. Sa pag-aaral na ito ay inalam ang mga saloobin ng tagatugon kung sumasang-ayon o salungat sa implementasyon ng patakarang pangwika. Bagay na katanggap-tanggap sa kanila dahil karamihan ay sumasang-ayon sa halaga ng patakaran pangwika sa pamantasan.

Bilang patunay nito ay inilalarawan sa talahanayan ang positibong tugon ng mga kalahok ng pag-aaral. Nangangahulugang halos kalahati sa mga tagatugon ay hindi pa makapagpasya sa sagot dahil wala namang naganap na pagpaplanong pangwika sa pamantasan kaya walang patakarang pangwika. Malinaw na higit sa kalahati sa mga kalahok ay sumasang-ayon na talagang may ngipin sa pagpapatupad at tiyakin na mabisa ang pagsasakatuparan ngunit paano maipatupad ang isang bagay kung wala naman ito o hindi naman ito kabilang sa mga pinag-uusapan. Iilan lang ang hindi sang-ayon na napapalooban ng mga estudyante dahil hindi tiyak kung ano ang isasagot. Ayon kay Constantino (2005) iilan lamang sa mga institusyon sa Pilipinas ang mayroong patakarang pangwika tulad ng UP at PNU dahil bahagi ito ng kursong Ph.D. Bukod sa pamantasang nabanggit ay wala ng naglakas-loob na gumawa dulot na rin ng kakulangan ng interes sa pagsagawa lalo na ang kulang na kulang ang bansa sa pagtaguyod at pagsuporta rito. Kung tutuusin ay dapat nagsimula sa pagpapalano sa bansa tungo sa iba pang ahensya particular ang pamantasan dahil ditto nagpapakadalubhasa ang mamamayang Pilipino.

Napakalungkot isipin na ang bansa mismo ay may kalabuan o walang katiyakan kung paano ginawa ang pagpapalano upang makapili ng pambansang wika. Hindi rin masisisi ang mga mamamayan lalo na sa mga lugar ng Visayas at Mindanao kung hindi gaanong angkin ang pagmamahal sa napiling wika dahil wala namang mabisang pagtitiyak kung nasunod ba ang nakasaad sa batas pangwika. Sobrang gaan lang ang pagpapatupad ng batas dahil mismong gobyerno ay hindi sumusunod. Kahit kalianman kung ganitong uri ng pamamalacad sa gobyerno ay hindi talaga matutuhang mahal in ang sariling wika at darating pa rin sa punto na napipilitan lang mga Pilipino sa paggamit nito dahil bahagi ng kurikulum.

Sadyang mahirap ang katayuan ng patakarang pangwika sa CNU dahil ayon sa nakararaming tagatugon ay wala naman ito. Nabanggit ni Rubin (1977) na gumagawa ng pagpapalano upang matukoy ang suliranin ng institusyon sa larang ng wika at para makahanap ng alternatibong solusyon. Sa ganitong pananaw, malinaw sa mga tugon ng mga kalahok na hindi makapagpasya kung ano ang isasagot sa tanong ng pag-aaral dahil sadyang may suliranin ang pamantasan sa wikang panturo. Hindi sila makapagpasya kung ano ang isasagot dahil hindi pa nila ito nakikita o nabasa man lang mahirap nga naman sumagot sa isang bagay na walang kasiguruhan kaya pati mga guro at administrador ay sumagot na hindi makapagpasya. Nararapat lang tuunan din ito ng pansin ng administrador ng pamantasan dahil malaki ang epekto nito salamat kung mayroong patakaran. Magiging maayos ang paggamit ng wikang panturo ayon sa nararapat na kurso kung may tiyak na patakaran kung ano ang gagamitin sa klase maging sa mga gawaing pang-institusyon.

V. CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa natuklasan, lumitaw na sumasang-ayon ang mga tagatugon ng na walang patakarang pangwika sa CNU kaya hindi gaanong napahalagahan ang paggamit sa pagtuturo. Nang dahil walang patakarang pangwika ay hindi makapagpasya ang mga tagatugon kung naisasakatuparan ang patakaran sa pamantasan. Upang maisakatuparan ang pagpapalano pangwika sa CNU, iminumungkahi ang sumusunod; 1) maglunsad ng oryentasyon sa lahat ng mga empleyado ukol sa pagpapalano pangwika; 2) hikayatin ang Sentro ng Wika at Kultura na gumawa ng pagpapalano; 3) gumawa ng patakarang pangwika para sa CNU; at 4) isagawa agad ang implementasyon upang lalong mapahusay ang pagpapahayag ng wika itinatadhana ng patakaran.

REFERENCES

- [1] Almario, Virgilo S. 2015. Pagpapalano Pangwika at Filipino. KWF: SanMiguel Maynila
- [2] Bonocia-Push 2012. Researching Practiced Language Policies: Insights from Conversation Analysis. Language Policy
- [3] Codo, Eva. 2017. Language Policy and Planning, Institutions and Neoliberalism. Handbook of Language Policy and Planning. Oxford. OUP
- [4] Codo, E. & Perez-Milans M. 2014. Multilingual Discursive Practices and Processes of Social Change in Globalising Institutional Spaces: A Critical Ethnographic Perspective. International Journal of Multilingualism
- [5] Constantino, Pamela C. 2005. Filipino at Pagpapalano Pangwika. SANGFIL
- [6] Cicourel, A. 1980. Three Models of Discourse Analysis: The Role of Social Structure. Discourse Processes. *Ethnologist* 35(2) 211-228
- [7] Fishman, Joshua A. 1974. *Advances in Language Planning*. Netherlands: Mouton & Co. N.V Publishers, The Hague
- [8] Franquiz, Maria E, Eseamilla, Kathy at Valdez, Veronica E. 2011. Co-editors' introduction: Research on Language Planning 30 years Plus.
- [9] Loheyde, Kristin I. 2008. Foreign Language Teaching at the University of Pennsylvania. WPEI, Vol.9
- [10] Piller, J. & Cho, J. 2013. Neoliberalism as Language Policy. *Language in Society*
- [11] Rubin, J. 1971. *Can Language Be Planned*. Honolulu: University Press of Hawaii
- [12] Ruiz, R. 1984. Orientations in Language Planning. *NABE Journal*, 7(2), 15-34
- [13] Ruiz, R. 2010. Reorienting Language-as-resource. In J.E. Petrovic (Ed.), *International Perspective on Bilingual Education, Policy, Practice and Controversy*. Charlotte, NC; Information Age Publishing. (Google Scholar).
- [14] Urcioui, B. 2008. Skills and Selves in the new Workplace. *American Bilingual Research Journal*. Vol.39
- [15] Zuniga, Christian E. 2016. Between Language as Problem and Resource: Examining Teachers' Language Orientations in Dual Language Programs